



# **Hong Kong Sitwasyon ng Kahirapan Ulat sa mga Etnikong Minoridad 2016 Ehekutibong Buod**

---

**Pamahalaan ng  
Espesyal na  
Administratibong Rehiyon ng  
Hong Kong**

**Economic Analysis Division  
Economic Analysis and  
Business Facilitation Unit  
Financial Secretary's Office**

**Census and Statistics  
Department** ;

**Pebrero 2018**

**If there is any inconsistency or ambiguity between the English version and the Tagalog version of this Executive Summary, the English version shall prevail.**

**Kung mayroong anumang di-pagkakatuha o kalabuan sa pagitan ng bersiyong Ingles at ang bersiyong Tagalog ng Ehekutibong Buod na ito, ang bersiyong Ingles ang mamayani.**

## Ehekutibong Buod

ES. 1 Dahil sa ating posisyon bilang Lungsod Pandaigdig ng Asya, ang mga tao na may iba't ibang etnikong pinagmulan ay naakit na magtrabaho o manirahan sa Hong Kong. Ang ilan ay maaaring humarap sa mga hamon ng pakikiangkop at integrasyon sa komunidad, at tinitingnan bilang mas dehado at nangangailangan ng tulong. Ang Pamahalaan at ang Komisyon sa Kahirapan (CoP) ay naglalakip ng malaking kahalagahan sa kapakanan ng mga dehado, kasama ang mga etnikong minoridad (EM). Ipinakilala na ang sari-saring hakbangin upang tulungan ang mga EM na umangkop sa buhay sa Hong Kong, makamit ang tiwala sa sarili, at makaakyat papataas ng panlipunang hagdagan. Ang mga gawaing ito ay humahanay sa mga layunin ng paghadlang at pagbawas sa kahirapan.

ES.2 Ang Pamahalaan ay naglabas ng *Sitwasyon ng Kahirapan sa Hong Kong Ulat sa mga Etnikong Minoridad ng 2014* sa dulo ng 2015, na nag-analisa nang detalyado sa sitwasyon ng kahirapan ng mga EM. Humahalaw sa pinakabagong napag-alaman ng Populasyon Ayon sa Sensus ng 2016 na isinagawa ng Kagawaran ng Sensus at Estadistika (C&SD) at base sa analitikal na balangkas sa linya ng kahirapan, nagbibigay ang ulat na ito ng pagpapanahon sa mga mayoryang estadistika ng kahirapan ng mga EM upang mapadali ang patuloy na pagmamanman ng sitwasyon ng kanilang kahirapan.

### Kabuuang Tanaw sa mga Etnikong Minoridad sa Hong Kong noong 2016

ES.3 Noong 2016, bumubuo ng mayorya ng buong populasyon sa Hong Kong ang mga taong may etnisidad na Tsino<sup>i</sup> (91.9%), samantalang ang mga EM<sup>ii</sup> (kasama ang mga dayuhang kasambahay (FDH)) ay bumubuo sa natitirang 8.1% o 575 400 katao. Sa mga EM na ito, mahigit kalahati ay mga FDH (55.7% o 320 700 katao) na pangunahing galing sa Pilipinas at Indonesia.

ES.4 Pagkatapos ibukod ang mga FDH<sup>iii</sup>, ang populasyon ng EM ay nasa 254 700 noong 2016, na bumubuo sa 3.8% ng buong populasyon (hindi isinama ang mga FDH) sa Hong Kong. Ang bilang ng mga Filipino at Indonesian, na dating bumubuo ng mayorya ng mga EM, ay makabuluhang bumaba. Sa halip, ang mga Timog Asyano (SA)<sup>iv</sup> ang nangibabaw

- i Malibang tinukoy sa ibang pagkakataon, ang buong populasyon sa Hong Kong sa pagsusuri ng Ulat na ito ay tumutukoy sa pangkalahatang populasyon na nakabase sa lupa sa mga sambahayan sa loob ng bansa.
- ii Sa mga sarbey ng estadistika, ang etnisidad ng isang tagasagot ay tinitiyak sa pamamagitan ng sariling pagtukoy. Ang pag-uuri ng etnisidad ay tinitiyak na may pagtukoy sa mga konsepto tulad ng mga pinagmulang kultural, nasyonalidad, kulay ng balat at wika. Yamang ang Hong Kong ay isang pamayanan na napakarami ang Tsino, ang mga “EM” ay tumutukoy sa di-Tsino.
- iii Malibang tinukoy sa ibang pagkakataon, ang mga FDH ay hindi kasama mula sa estadistika sa Ulat na ito.
- iv Ayon sa pag-uuri ng mga teritoryo na inangkop ng Komisyon sa Estadistika ng mga Nagkakaisang Bansa, ang mga SA na bansa ay kinabibilangan ng India, Pakistan, Nepal, Bangladesh, Sri Lanka, Afghanistan, Bhutan, Iran at ang Maldives. Dahil sa kakulangan ng pagkolekta ng datos, ang Ulat na ito ay nagsama lamang ng mga detalye sa unang limang etnikong mga grupo.

bilang pinakamalaking etnikong grupo na may 78 000 katao o halos 30% (30.6%) ng populasyon ng EM, na sinundan ng Mestiso (58 500 katao o 23.0%) at mga Puti (55 900 katao o 21.9%). Ang populasyon ng EM ay nanirahan sa 123 300 samabahayang EM<sup>V</sup>, na bumubuo ng 4.9% ng lahat ng mga domestikong sambahayan.

ES.5 Nagpatuloy na mabilis na lumawak ang populasyon ng EM sa limang taon sa pagitan ng 2011 at 2016 sa karaniwang taunang antas ng paglaki na 5.8%, na mas mabili kaysa 0.5% antas ng paglaki ng buong populasyon sa Hong Kong. Sa mga mayoryang etnikong grupo, ang mga SA (hal. Indian at Nepalese) ay nakapagpanatili ng mabulas na paglaki ng populasyon at ang antas ng paglaki ng populasyong Mestiso<sup>vi</sup> ay mapapansin din. Ang mga Indonesian at Filipino, na may relatibong maliliit na laki ng populasyon, ay nagtala rin ng mga kapansin-pansing antas ng paglaki. Bilang resulta ng gayong mabilis na paglaki, ang bahagi ng mga EM sa buong populasyon ay tumaas mula 2.9% noong 2011 hanggang 3.8% noong 2016.

ES.6 Maraming EM ay nanirahan sa Hong Kong at ang ilan ay ipinanganak at lumaki dito. Sila ay naging mga miyembro na ng ating lipunan. Nagpamalas ang mga etnikong grupo ng relatibong kakaibang katangiang demograpiko at sosyo-ekonomiko, na konsiderableng nag-iiba-iba sa lahat ng mga etnikong grupo. Ang mga pagkakaiba-ibang ito ay malapit na may kaugnayan sa mga peligro ng kahirapan sa mga indibidwal na grupo.

ES.7 Kung mapag-uusapan ang mga demograpiko at panlipunang katangian, ipinakikita ng estadistika ng 2016 na ang mga EM ay may relatibong batang populasyon, na may kaibhan sa pangkahalatang tumatandang populasyon sa Hong Kong. Mas kapansin-pansin ito sa kaso ng mga SA. Dagdag pa dito, ang mga Thai, Indonesian at Filipino ay kalakhan mga kababaihan. Magkagayonman, ang mga bahagi ng mga matatanda (mga taong may edad 65 at pataas) sa mga Thai at Indonesia ay kapansin-pansing lumaki sa mga taong nagdaan. Yamang ang mga sambahayan ng SA<sup>vii</sup> ay karamihan mga malalaking pamilya dulot ng mas malaking bilang ng mga anak (mga tao na may edad na wala pang 18) na nakatirang kasama nila, ang karaniwang laki ng sambahayan ng mga sambahayang SA ay 3.0 katao, mas malaki kaysa sa lahat ng mga sambahayang EM at lahat ng mga sambahayan (kapwa ito 2.7 katao) at may mga mas malaking laki ng sambahayan sa mga Pakistani at Nepalese (3.9 at 3.2 katao kanya-kanya).

---

v Tmutukoy ang mga sambahayang EM sa mga domestikong sambahayan na may kahit na isang miyembro ng EM. Hindi lahat ng mga miyembro ng sambahayan ay kinakailangang EM.

vi “Mestiso” ay inuri bilang hiwalay na etnikong grupo sa mga sarbey ng C&SD. Ang disenyo ng palatanungan para sa Populasyon Ayon sa Sensus ng 2016 ay pinahusay upang gawin itong mas madali sa mga tagatugon na magbigay ng impormasyon ukol sa mga maramihang etnisidad. Sa gayong paraan, dapat magtuon ng espesyal na pansin kapag naghahambing ng mga estadistika sa populasyong Mestiso noong 2016 sa mga nagdaang taon.

vii Ang mga analisis base sa sambahayan ng indibidwal na etnikong grupo ay isinagawa base sa mga sambahayan ng iisang etnisidad para padaliin ang mas simple at mas may tuon na analisis.

ES.8 Kung pag-uusapan ang nakamit na edukasyon, kapansin-pansing nag-iiba-iba ito sa mga EM.

Ang mga Puti, Hapones at Koreano at Indian ay tila mas edukado, habang ang mga Pakistani, Nepalese, Thai at Indonesian ay nakatamo ng edukasyon pagkatapos ng sekondarya ay mas mababa sa bahagdan. Karagdagan pa, ang antas ng pagdalo sa paaralan<sup>viii</sup> ng mga EM na may edad 19-24 ay sa pangkalahatan mas mababa kaysa sa karaniwang pigura ng buong populasyon, bagaman napansin ang paghusay sa karamihan ng mga etnikong grupo sa pagitan ng 2011 at 2016. Gayonman, ang antas ng pagdalo sa paaralan ng mga kabataang Nepalese ay nasa 13.8% lamang, na nagpapakita pa rin ng hindi gaanong kaaya-ayang sitwasyon sa ilang mga kabataang SA kung pag-uusapan ang pagtamo ng mas mataas na edukasyon.

ES.9 Sa katulad na paraan, ang mga kapansin-pansing pagkakaiba-iba ay nakita sa mga katangiang ekonomiko sa lahat ng mga grupong EM. Ang mga mahahalagang obserbasyon ukol sa estadistika noong 2016 ay ang mga sumusunod:

- (i) **Iba't ibang antas ng pakikilahok sa lakas paggawa:** ang mga antas ng pakikilahok sa lakas paggawa (LFPR) ng mga lalaking EM ay pangkalahatang mas mataas kaysa pangkalahatang average ng lalaki, sa partikular sa populasyon na relatibong mas matanda ang edad. Samantala, ang bahagdan ng mga kababaihang Pakistani na nakikilahok sa pamilihan ay mababa pa rin sa gitna ng ilang pagtaas sa mga nakalipas na taon. Sa kabilang panig, ang mga Nepalese, walang kinalaman sa kasarian, ay may mas mataas na LFPR, at maraming mga kabataang Nepalese ay maagang humihinto sa pag-aaral upang sumali sa lakas paggawa. Mahalaga rin na pansinin na sa pagitan ng 2011 at 2016, nagtala ang maraming etnikong grupo ng mga mas mataas na LFPR, partikular sa kaso ng mga Pakistani.
- (ii) **Distribusyon ng mga hanapbuhay ay sumasalamin sa natamong antas ng edukasyon:** ang mas edukadong Puti, Hapones at Koreano, at Indian ay karamihan mga manggagawa na may mas mataas na kasanayan<sup>ix</sup>. Sa kabilang banda, ang ibang mga SA at taga-Timog Silangang Asya ay pangunahing may mga posisyon sa laylayan. Sa partikular, ang mga bahagdan ng mga manggagawang may mas mababang kasanayan sa mga Pakistani, Nepalese, Thai at Indonesia ay lahat lumampas sa 30%.
- (iii) **Mga kapansin-pansing pagkakaiba-iba sa mga kita sa hanapbuhay at kita sa sambahayan:** Mas mahusay na nagpamalas ang mga Puti, Hapones at Koreano, at Indian sa pamilihan ng paggawa na may kapansin-pansing mas mataas na kita. Ang mga Pakistani, Nepalese, Thai at Indonesian na may trabaho ay kumikita ng mas mababa. Kung pag-uusapan ang kita ng sambahayan, sila ay mas mababa para sa mga sambahayang Pakistani, Nepalese, Thai at Indonesian. Nagmumungkahi ang imbestigasyon sa mga pinag-ugatang dahilan nito na maliban sa medyo mahinang kita sa trabaho ng mga manggagawa

---

viii Ang antas ng pagdalo sa paaralan ay ang bahagdan ng populasyon na dumadalo nang buong panahon sa mga edukasyonal na institusyon sa loob ng kanya-kanyang mga kaedarang grupo.

ix Kasama sa mga manggagawang may mas mataas na kasanayan ay mga manager at administrator, propesyonal at kasamang propesyonal.

ng mga etnikong grupong ito, ang mga mas mababang bahagi ng mga sambahayan na aktibo sa pagtatrabaho (hal. mga sambahayang Thai at Indonesian) ay bahagyang dahilan ng sitwasyon.

ES.10 Kapansin-pansin na ang matatag na pagsulong ng pamilihan ng paggawa sa gitna ng katamtamang paglawak ng ekonomiya ng Hong Kong sa pagitan ng 2011 at 2016, pati na ang paglaki ng populasyon at mas mataas na LFPR ng mga EM, ang bilang ng mga taong may trabaho at bahagi ng populasyon na naninirahan sa mga sambahayang nagtatrabaho<sup>x</sup> sa mga mayoryang grupo na EM ay makabuluhang lumaki sa pangkalahatan. Karagdagan pa, ang mga kita sa empleyo na kalagitnaan ng iba't ibang etnikong grupo ay mas mataas sa pagitan ng 2011 at 2016, kahit na may paglaki na karamihan ay mas mababa kaysa sa pangkalahatang pigura. Magkagayonman, ang populasyon ng EM ay mabilis na lumaki na may mataas na kakayahan sa paglipat-lipat, na posibleng na nagdudulot ng mga kapansin-pansing pagbabago sa komposisyon ng paggawa. Ang mga pagbabago sa distribusyon ng mga kita sa hanapbuhay sa mga etnikong grupo ay dumadaan sa ilang bilang ng mga salik, kasama ang mga pagbabago sa distribusyon ng kasanayan sa paggawa at paglaki ng bilang ng mga manggagawa na may kakaunting karanasan na bagong pasok o bagong imigrante .

ES.11 Sa kabuuan, sa mga EM sa Hong Kong, medyo mas maraming pamilya na nasa laylayan ay matatagpuan sa mga SA at taga-Timog Silangang Asya. Ang mga SA, na kinakitaan ng mas malaking populasyon, mabilis na paglaki ng populasyon, malaking pamilya at mas malaking antas ng mga umaasang anak ay mas makikita sa mga EM na nasa laylayan.

### **Sitwasyon ng Kahirapan ng mga Etnikong Minoridad noong 2016**

ES.12 Sa paglapat ng analitikal na balangkas ng linya ng kahirapan sa datos ng Populasyon ng 2016 Ayon sa Sensus upang isapanahon ang mga mayoryang pigura ng kahirapan ng mga EM, ipinapakita ng mga napag-alaman na noong 2016, **bago ang pagpapatupad ng polisiya**, may 22 400 mahirap na sambahayan ng EM at 49 400 mahirap na EM, na may antas ng kahirapan<sup>xi</sup> na 19.4%. Ang mga pigura na tumutugma **pagkatapos ng pagpapatupad ng polisiya (regular na pagbibigay ng pera)** ay mas mababa, sa 19 500 sambahayan, 44 700 katao at 17.6% ayon sa pagkakasunod-sunod.

ES.13 Isinisiwalat ng paghahambing ng mga pigura ng kahirapan noong 2016 at 2011 na ang antas ng kahirapan ng EM ay nagtala ng maliit na paglago bago at pagkatapos ng pagpapatupad ng polisiya: ang antas ng kahirapan **bago ang pagpapatupad** ay tumaas mula 15.8% tungong 19.4% habang ang antas ng kahirapan **pagkatapos ng pagpapatupad (regular na pagbibigay ng pera)** ay tumaas mula 13.9% tungong 17.6%. Kasabay ng mga paglago sa antas ng kahirapan at ang kapansin-pansing paglaki sa pangkalahatang

---

x Ang mga nagtatrabahong sambahayan ay mga domestikong sambahayan na may kahit na isang miyembro na may trabaho, hindi kasama ang mga FDH. Hindi lahat ng mga miyembro na naninirahan sa mga nagtatrabahong sambahayan ay kinakailangang mga taong may trabaho.

xi Ang bahagi ng bahagdan ng mga mahihirap na EM sa kabuuang bilang ng mga EM.

populasyon ng EM at ang bilang ng kanilang mga sambahayan, ang dami ng mahirap na populasyon ng EM at ang bilang ng kanilang mga sambahayan ay tumaas rin bago at pagkatapos ng pagpapatupad ng polisiya sa loob ng yugto ng panahon.

ES.14 Inanalisa ang sitwasyon sa kahirapan ng mga EM **bago ang pagpapatupad** ayon sa etnikong grupo ay nagpapakita na, sa 49 400 mahihirap na EM bago ang pagpapatupad ng polisiya noong 2016, ang mga SA ay bumubuo ng mahigit sa 40.6% habang binubuo ng mga Pakistani ang halos isang kalima (20.2%).

ES.15 Ang antas ng kahirapan bago ang pagpapatupad ng mga SA ay medyo mataas sa 25.7%. Sa mga SA, nagrehistro ang mga Pakistani ng mataas na antas ng kahirapan na 56.5%. Bukod dito, ang mga antas ng kahirapan ng mga Thai at Indonesian, na may mas maliliit na laki ng mahirap na populasyon, ay medyo mataas na nasa 26.5% at 35.4% ayon sa pagkakasunod-sunod, habang ang mga antas ng populasyon ng mga Filipino at Mestiso ay lumitaw na nasa 19.2% at 21.8% ayon sa pagkakasunod-sunod. Sa kabilang dako, ang mga antas ng kahirapan ng mga Hapones at Koreao at Puti, atbp. ay hindi mataas.

ES.16 Nirerepaso ang mga anyo ng kahirapan sa mga mayoryang grupong EM noong 2016, sa isang dako ipinapakita na ang pagkakaroon ng hanapbuhay ay epektibo sa pagpapababa ng peligro ng kahirapan: ang mga etnikong grupo na may mga mas mataas na bahagdan ng populasyon na naninirahan sa mga nagtatrabahong sambahayan ay nagrehistro ng mga mas mababang antas ng kahirapan. Dagdag pa dito, pinalalala ng mataas na antas ng pagkaumaasa ang peligro ng kahirapan. Kung mas mataas ang bahagdan ng pagkaumaasa sa kabuhayan ng isang sambahayan, mas mabigat ang pasanin ng pamilya, at magiging mas mataas ang antas ng kahirapan sa pangkalahatan. Tumutugma ang mga napag-alaman sa mga inilahad ng *Ulat ng Sitwasyon ng Kahirapan sa Hong Kong*.

ES.17 Ipinapakita ng mga karagdagang analisis sa kakaibang katangian ng mga mahihirap na EM (bago ang pagpapatupad ng polisiya) noong 2016 na ang mahirap na populasyon ng mga etnikong grupo (maliban sa mga Hapones at Koreano at Puti) ay pangkalahatang naninirahan sa mga nagtatrabahong sambahayan, habang ang mga grupong SA ay karamihang nakatira sa mga mas malalaking sambahayan. Kapansin-pansing nag-iiba ang dalawang aspektong ito mula sa pangkalahatang sitwasyon ng kahirapan sa Hong Kong. Espesipikong tinutukoy:

- (i) **Kahirapan ng nagtatrabaho ay karaniwan:** 64.7% ng mga mahirap na EM ay nakatira sa mga sambahayan na nagtatrabaho, mas mataas kaysa 50.3% ng pangkalahatang populasyon ng mahihirap sa Hong Kong. Mas kapansin-pansin ito sa kaso ng mga SA, kung saan halos 80% ng mga mahihirap na Pakistani at Nepalese ay nakatira sa mga sambahayan na nagtatrabaho; at
- (ii) **Karamihan nakatira sa mga mas malalaking sambahayan:** mahigit sa kalahati (50.5%) ng mga mahihirap na EM ay nakatira sa mga sambahayan na may 4 katao at pataas (ang tumutugmang bahagdan ng pangkalahatang populasyon ng mahihirap sa Hong Kong ay 34.4% lamang), na karamihan ay napansin sa mga SA. Halos 70% ng mga mahihirap na SA ay nakatira sa

mga sambahayan na may 4 katao at pataas, partikular sa mga Pakistani na may bahagdan na kasintaas ng 85.9%.

ES.18 Kumpara noong 2011, ang mga antas ng kahirapan (bago ang pagpapatupad ng polisiya) ng iba't ibang mga etnikong grupo ay pangkalahatang tumaas noong 2016 maliban sa mga Pakistani, na ang antas ng kahirapan ay bumagsak mula sa 59.2% tungong 56.5%. Bilang resulta, ang mga antas ng kahirapan ng mga grupong SA ay bumaba mula 26.4% tungong 25.7%. Sa kabilang dako, ang antas ng kahirapan ng mga Indonesian ay mas kapansin-pansing tumaas mula 27.8% tungong 35.4%.

ES.19 Maliwanag sa analisis na ang mga pagbabago bago ang pagpapatupad sa dami ng mga mahihirap na populasyon ng mga mayoryang etnikong grupo ay pangunahing nagresulta sa paglaki ng mahirap na populasyon sa mga sambahayang nagtatrabaho, maliban sa mga Hapones at Koreano at Puti. Sa kabilang dako, ang pagbaba (ng 600 katao) sa mahirap na populasyon ng mga Pakistani ay pangunahing dulot ng pagbawas ng kanilang mahirap na populasyon sa mga sambahayang hindi nagtatrabaho sa pagitan ng 2011 at 2016.

ES.20 Ipinapakita ng pagsusuri sa mga dahilan ng kahirapan ng nagtatrabaho na EM na ang kahirapan ng nagtatrabaho ay maaaring ituro sa kanilang mababang kita sa trabaho bilang resulta ng medyo mababang nakamit na edukasyon at antas ng kasanayan ng mga nagtatrabahong mahirap noong 2016. Mas maikling pamamalagi sa Hong Kong ng mga nagtatrabahong mahirap sa mga tiyak na etnikong grupo (hal., Indian) ay maaari ring isang salik. Ang mas mataas na bahagdan ng mga taong bahagyang nagtatrabaho / nagtatrabaho ngunit iba ang kasanayan sa mga taga-Timog Silangang Asya ay isa rin sa mga salik na nagdudulot ng kanilang limitadong kita sa trabaho. Sa kabilang dako, sa mahirap na populasyon ng ilang mga etnikong grupo, tulad ng mga Pakistani at Nepalese, ang antas ng kanilang kawalan ng hanapbuhay<sup>xii</sup> ay mas mataas nang bahagya sa antas ng pangkalahatang mahirap na populasyon. Indirekta nitong ipinapakita ang medyo mataas na insidente ng mga grupong etniko na bumabagsak sa ibaba sa linya ng kahirapan dulot ng kawalan ng hanapbuhay.

ES.21 Sa pag-aanalisa sa mga dahilan ng kahirapan ng nagtatrabaho kung pag-uusapan ang pinansiyal na pasanin ng sambahayan, maliban pa sa mas mababang kita sa hanapbuhay, ang mga miyembrong nagtatrabahong mahirap sa iba't ibang sambahayan ng mga etnikong grupo ay karaniwang siyang bumabalikat lamang sa pasanin ng pamilya. Ito ay partikular na makikita sa mga SA, kung saan ipinakita ng estadistika ng 2016 na mayroon lamang 1.2 miyembro na nagtatrabaho upang suportahan ang laki ng sambahayan na kasindami ng 4.2 katao sa karaniwan sa kanilang mga mahirap na sambahayan na nagtatrabaho (bago ang pagpapatupad ng polisiya), a.b. bawat miyembro na nagtatrabaho ay kailangan suportahan ang 2.6 na miyembro na hindi nagtatrabaho sa karaniwan. Sa kanilang lahat, ang mga sambahayang Pakistani ang nasa pinaka

---

xii Ang mga pagtataya ng mga taong walang hanapbuhay base sa sensus ng / alinsunod sa datos ng sensus ng populasyon ay malamang na magkaroon ng mas mababang antas ng katumpakan. Sa kawalan ng isang basihan na may bisa para sa pag-aanalisa ng sitwasyon ng kawalan ng hanapbuhay ng mga EM, ang mga naaayong estadistika ng kawalan ng hanapbuhay ay para lamang sa pangkalahatang pagsasangguni.

malalang sitwasyon (bawat miyembro na nagtatrabaho ay kailangang suportahan ang 3.5 miyembro ng pamilya sa karaniwan).

ES.22 Sa maikling salita, bagaman karamihan sa mga EM ay nakatira sa mga sambahayang nagtatrabaho, sila ay sumasailalim sa mabigat na pasanin sa pamilya bilang resulta ng mas malalaking pamilya at isang limitadong bilang ng mga taong may trabago na mas mababang kita sa hanapbuhay. Kaya, medyo mahirap na lisanin ang kahirapan kahit na para sa mga sambahayan na nagsasariling sikap na may mga miyembro na nagtatrabaho, na nagreresulta sa paglaganap ng kahirapan ng nagtatrabaho sa mga EM.

ES.23 Bukod dito, habang ang kahirapan ng nagtatrabaho ay isang kakaibang katangian ng kahirapan ng mga EM, ang mga datos ng 2016 ay nagsisiwalat din ng mas mataas na bahagi ng mga mahihirap na matatanda (bago ang pagpapatupad ng polisiya) sa mahihirap na populasyon ng maraming etnikong grupo. Ito ay partikular na mapapansin sa mga taga-Timog Silangang Asya tulad ng mga Thai at Indonesian. Yamang ang mga matatanda ay tila hindi ekonomikong aktibo sa pangkalahatan, ang mas mataas na bahagi ng mga matatanda sa isang etnikong grupo ay maaaring naglagay ng ilang epektong nagpapataas sa antas ng kahirapan nito.

ES.24 Sa pag-aanalisa ng sitwasyon ng kahirapan ng mga EM **pagkatapos ng pagpapatupad ng polisiya**, ipinapakita ng estadistika ng 2016 na pagkatapos ng pagpapatupad ng polisiya (regular na pagbibigay ng pera), may 19 500 mahirap na sambahayan na EM at 44 700 mahirap na EM, na may antas ng kahirapan na 17.6%. Ang mga benepisyo ng regular na pagbibigay ng pera ng Pamahalaan ay nakapag-ahon sa 4 600 katao mula sa kahirapan, binabawasan ang antas ng kahirapan nang 1.8 bahagdag puntos, na maihahambing sa sitwasyon noong 2011 (ang kabawasan sa antas ng kahirapan ay 1.9 bahagdag puntos). Samantala, ang karaniwang buwanang puwang sa kahirapan ng mga mahihirap na sambahayan ng EM pagkatapos ng pagpapatupad ng polisiya noong 2016 ay \$5,100, na kumakatawan sa kabawasan na \$1,100 sa puwang bago ang pagpapatupad kumpara sa \$1,900 noong 2011. Maipapalagay na ipinapakita nito sa bahagya ang mas malaking bilang ng mga EM na nagsasariling sikap at mas mababang bahagdan ng mga EM na umaasa sa mga panlipunang benepisyo sa pagdaan ng yugto.

ES.25 Maliban sa mga polisiya sa regular na pagbibigay ng pera, nakatulong din ang paglalaan ng mga benepisyo ng pera at materyal na bagay na minsanang ibinibigay (pangunahing ang pampublikong pabahay na pinapaupahan (PRH)) na pagaanin ang pinansiyal na pasanin ng mga mahirap na EM. Lalo na't pagkatapos ng pagpapatupad ng polisiya (regular + hindi regular na pagbibigay ng pera) noong 2016, ang antas ng kahirapan ng mga EM ay 16.1%, isang karagdagang kabawasan na 1.5 bahagdag puntos sa tumutugmang pigura pagkatapos ng pagpapatupad ng regular na pagbibigay ng pera. Dagdag pa dito, ang antas ng kahirapan ng mga EM pagkatapos ng pagpapatupad ng polisiya (pera na regular na ibinibigay + materyal na bagay) noong 2016 ay 14.5%, na kumakatawan sa makabuluhang kabawasan ng 4.9 bahagdag puntos sa pigura bago ang pagpapatupad (karagdagang kabawasan ng 3.1 bahagdag puntos).

ES.26 Katulad sa sitwasyon bago ang pagpapatupad ng polisiya, ang antas ng kahirapan ng mga SA pagkatapos ng pagpapatupad ng polisiya noong 2016 ay medyo mataas (23.0%) sa mga etnikong grupo, habang ang kanilang bahagi sa mahirap na populasyon ang siyang pinakamalaki (na bumubuo sa 40.1% ng mahirap na populasyon ng EM). Karagdagan pa, ang mga antas ng kahirapan ng mga Thai at



Indonesian ay tila mataas din na nasa 22.4% at 33.2% ayon sa pagkakasunod-sunod, samantalang ang peligro sa kahirapan ng mga Hapones at Korean at Puti ay hindi halata.

ES.27 Kalakhang nakamit ng mga EM ang pagsisikap sa sarili sa pamamagitan ng hanapbuhay na may mababang bahagdan sa kanila ang umaasa sa panlipunang kapakanan. Isinisiwalat ng estadistika ng Kagawaran ng Panlipunang Kapakanan (SWD) na ang bilang ng mga tumatanggap ng Komprehensibong Tulong sa Panlipunang Seguridad (CSSA) ay bumaba sa mga mayoryang etnikong grupo sa pagitan ng 2011 at 2016. Bukod dito, tinatayang mula sa mga pigura ng kahirapan ng mga EM bago ang pagpapatupad noong 2016 na ang mga bahagi ng mahirap na populasyon sa mga mayoryang etnikong grupo na tumatanggap ng Sustento sa Pamilyang Nagtatrabaho na May Mababang Kita (LIFA) (na muling papangalanan bilang Iskema ng Sustento sa Pamilyang Nagtatrabaho sa 1 Abril 2018) at ang mga bahagi ng mga mahihirap na matatanda sa mga mayoryang etnikong grupo na tumatanggap ng Sustento sa Pamumuhay sa Katandaan (OALA) / Sustento sa Katandaan (OAA) ay pangkalahatang mas mababa kaysa sa pangkalahatang populasyon na mahirap. Ang bahagi ng hindi tumatanggap ng mga mayoryang benepisyo na pera (kasama ang CSSA, Sustento sa Panlipunang Seguridad (SSA)<sup>xiii</sup> at LIFA) ay pangkalahatang mas mataas sa mahirap na populasyon ng mga mayoryang etnikong grupo sa pagitan ng 2011 at 2016, na nag-aakay sa kapansin-pansing mas maliit na kabawasan sa puwang ng kahirapan na gawa ng mga polisiya sa regular na pagbibigay ng pera.

ES.28 Gayonman, ang mga etnikong grupo na nasa mas mataas na peligro ng kahirapan, tulad ng mga Pakistani, Thai at Indonesian, ay nagtala pa rin ng mas malaking kabawasan sa kahirapan pagkatapos ng pagpapatupad ng regular na pagbibigay ng pera. Ang antas ng kahirapan ng mga Pakistani ay makabuluhang nabawasan mula 56.5% bago ang pagpapatupad ng polisiya tungo sa 48.6%, bagaman nanatili itong medyo mataas.

ES.29 Base sa mga pagtataya sa pagiging epektibo ng mga indibidwal na hakbangin sa polisiya ng pagpapatupad noong 2016, ang CSSA ay ang pinakapektibong mayoryang benepisyo sa regular na pagbibigay ng pera sa pagpapagaan ng kahirapan hinahango ang 3 700 EM mula sa kahirapan at binawasan ang antas ng kahirapan ng 1.5 bahagdag puntos. Dagdag pa dito, tumulong din ang SSA na bawasan ang antas ng kahirapan ng 0.7 bahagdag puntos. Ang LIFA rin ay epektibo sa pagbawas ng antas ng kahirapan ng 0.3 bahagdag puntos. Bukod dito, ang mga epekto sa pagpapagaan ng kahirapan ng hindi regular na pagbibigay ng pera at ang probisyon ng PRH ay halata rin, na nagbawas ng mga antas sa kahirapan ng 1.5<sup>xiv</sup> at 1.8 bahagdag puntos ayon sa pagkakasunod-sunod.

ES.30 Ang mga SA ay mas kumakatawan sa sitwasyon sa mga EM na nasa laylayan. Isang analisis na may tuon sa sitwasyon ng kahirapan ng mga SA pagkatapos ng pagpapatupad ng polisiya (regular na

---

xiii Kasama sa SSA ay OALA, OAA at Sustento sa Kapansanan (DA).

xiv Karagdagang epekto ng pagpapagaan sa kahirapan pagkatapos na isaalang-alang ang lahat ng mga polisiya sa regular na pagbibigay ng pera.

pagbibigay ng pera) ay nagpapahiwatig na noong 2016, may 4 400 mahirap na sambahayan na SA at 17 900 mahirap na SA, na may antas ng kahirapan na 23.0%.

- ES.31 Kapag inihahambing ang mga pigura ng kahirapan bago at pagkatapos ng pagpapatupad, ang mga benepisyo ng regular na pagbibigay ng pera noong 2016 ay naghango sa 2 100 SA mula sa kahirapan, na binawasan ang antas ng kahirapan ng 2.7 bahagdang puntos. Samantala, ang karaniwang buwanang puwang sa kahirapan ng mga mahihirap na sambahayang SA pagkatapos ng pagpapatupad ng polisiya ay \$4,700, na kumakatawan sa kabawasan na \$1,500 sa puwang bago ang pagpapatupad.
- ES.32 Ang sitwasyon ng mahirap na populasyong SA ay napabuti pa ng mga benepisyo ng pagpapatupad ng polisiya ng hindi regular na pagbibigay ng pera at materyal na bagay: noong 2016, ang antas ng kahirapan ng mga SA ay bumagsak sa 20.9% pagkatapos ng pagpapatupad ng polisiya (regular na pagbibigay ng pera + minsanan na pagbibigay ng pera), at bumaba pa sa 18.0% pagkatapos ng pagpapatupad ng polisiya (regular na pagbibigay ng pera + materyal na bagay).
- ES.33 Inanalisa ayon sa edad, ang mga bata at adulto na may edad 18-64 ang bumubuo sa mayorya ng populasyon ng SA na mahirap pagkatapos ng pagpapatupad ng polisiya (regular na pagbibigay ng pera) noong 2016, habang ang bilang ng mga mahihirap na matatanda na SA ay medyo maliit. Sa kabilang dako, ang antas ng kahirapan pagkatapos ng mga batang SA ay umabot ng 33.6%, kapansin-pansing mas mataas kaysa sa lahat ng mga batang EM na nasa 23.4% pati na ng mga SA at EM sa mga mas matatandang kaedarang grupo. Gayonman, ang mga antas ng kahirapan ng SA at lahat ng mga matatanda ng EM (23.1% at 25.9% ayon sa pagkakasunod-sunod) ay mas mababa kaysa sa antas ng kabuuang populasyon (31.6%).
- ES.34 Inanalisa ayon sa piniling grupong sosyoekonomiko ng sambahayan, pagkatapos ng pagpapatupad ng polisiya ng regular na pagbibigay ng pera, karamihan sa mga SA na mahirap ay mula sa mga sambahayan ng SA na may mga bata habang ang mga SA na mahirap na mula sa mga nagtatrabahong sambahayan at malalaking sambahayan ay karaniwan din. Kung pag-uusapan ang mga antas ng kahirapan, ang mga antas ng mga SA sa mga piniling grupo sosyoekonomiko ng sambahayan ay sa pangkalahatan mas mataas kaysa mga tumutugmang pigura ng lahat ng mga EM. Kapansin-pansin na ang antas ng kahirapan ng mga sambayanang SA na may mga bata (29.1%) ay mas mataas kaysa ng mga sambahayan na walang mga bata (12.1%) at ang nauna ay halos 2.5 beses sa huli. Dagdag pa, ang antas ng kahirapan ay lumaki ayon sa laki ng sambahayan: ang antas ng kahirapan ng 1- hanggang 2-katao na sambahayang SA ay 9.9% lamang habang ang sa 5-katao-at-pataas na sambahayang SA ay umabot ng 29.4%.
- ES.35 Sa kabilang dako, ang antas ng kahirapan ng mga sambahayang SA na nagtatrabaho ay 19.0%, kapansin-pansing mas mababa kaysa 75.7% ng mga sambahayang SA na hindi ekonomikong aktibo ngunit mas mataas pa rin kaysa 13.0% ng lahat ng mga sambahayang EM na nagtatrabaho. Karagdagan pa, ang mga sambahayang EM at SA na mahirap ay karamihang nangungupahang pribado o PRH.
- ES.36 Isang analisis ayon sa distrito ay nagpapakita na, pagkatapos ng pagpapatupad ng polisiya ng regular na pagbibigay ng pera, ang Kwai Tsing at Sham Shui Po ay may mas malaking bilang ng mga SA na mahirap at mas mataas na

antas ng kahirapan, habang ang Yau Tsim Mong at Yuen Long ay may katamtamang malaking bilang ng mga SA na naghihirap.

ES.37 Ang kakayahan sa wika at komunikasyon ay napakakritikal sa integrasyon ng mga EM sa ginagalawang lipunan. Sa usaping ito, ang Ulat na ito ay kumukuha ng detalyadong estadistika sa mga kakayahang pangwika mula sa Populasyon Ayon sa Sensus ng 2016 upang suriin ang mga pangunahing katangiang at kakayahang pangwika ng mga SA at ang kanilang populasyong mahirap.

ES.38 Ipinapakita ng mga napag-alaman na maliit lamang na bahagdan ng mga SA na mahirap ang gumamit ng Tsino<sup>xv</sup> o Ingles bilang kanilang karaniwang wika, samantalang ang ilan sa kanila ay hindi man lang nakapagsasalita / nakapagbabasa / nakapagsusulat ng Tsino at Ingles. Ang mga SA ay mukhang hindi magaling sa Tsino kaysa Ingles. Gayonman, ang mga bata ay mas magaling kaysa mga adulto sa dalawang wika, sa partikular ang Tsino. Ipinapakita rin ng analisis na habang may napakaliit na bahagi lamang ng mga mahirap na nagtatrabaho sa mga grupong SA ay hindi kayang magsalita / magbasa / magsulat maging sa Tsino o Ingles, ang tumutugmang bahagdan sa mga taong hindi dumadalo ng paaralan na ekonomikong hindi aktibo ay kapansin-pansing mas mataas. Ipinapakita nito na ang mga kakayahang pangwika ay maaaring isa sa mg salik na naglalaro sa kanilang kakayahang makakuha ng trabaho.

### Mga Susing Obserbasyon

ES.39 Una munang inanalisa at inihahambing ng Ulat na ito ang mga katangiang demograpiko at sosyo-ekonomiko ng mga mayoryong grupong EM sa Hong Kong base sa mga resulta ng Populasyon Ayon sa Sensus, at saka ilalapat ang analitikal na balangkas ng linya ng kahirapan sa Populasyon Ayon sa Sensus / datos ng sensus upang bilangin at analisahin ang pinakabagong sitwasyon ng kahirapan ng mga EM. Ang konsolidasyon ng mga analisis sa Ulat na ito ay nagdala ng pitong susing obserbasyon tulad ng mga sumusunod:

ES.40 **Obserbasyon 1: Ang peligro ng kahirapan na hinaharap ng mga grupong EM ay halatang nag-iiba-iba, na ang mga SA ang nasa mas malalang peligro**

- **Lahat ng mga EM:** ang bilang ng mga sambahayang mahihirap, ang laki ng mahihirap na populasyon at antas ng kahirapan bago at pagkatapos ng pagpapatupad ng polisiya noong 2016 ay ang mga sumusunod:
  - Bago ang interbensiyon ng polisiya: 22 400 sambahayan, 49 400 katao at 19.4%:
  - Pagkatapos ng interbensiyon ng polisiya (paulit-ulit na pagkakaloob ng pera): 19 500 sambahayan, 44 700 katao at 17.6%;

---

xv Kasama sa Tsino ang Cantonese, Putonghua at ibang mga dialektong Tsino (tulad ng Hakka at Shanghainese).

- Pagkatapos ng interbensiyon ng polisiya (paulit-ulit na pagkakaloob ng pera + hindi paulit-ulit na pagkakaloob ng pera): 18 200 sambahayan, 41 100 katao at 16.1%; at
- Pagkatapos ng interbensiyon ng polisiya (paulit-ulit na pagkakaloob ng pera + kahit anong ibigay): 16 500 sambahayan, 36 800 katao at 14.5%.

Halatang nag-iiba-iba ang sitwasyon ng kahirapan ng mga grupong EM, na ang mga SA ay na mas malalang kahirapan: mahigit kaysa 40% ng populasyong EM na mahirap ay mga SA, na ang antas ng kahirapan ay medyo mataas sa iba't ibang etnikong grupo.

➤ **Mga SA:** ang bilang ng mga sambahayang mahihirap, ang laki ng mahihirap na populasyon at antas ng kahirapan bago at pagkatapos ng pagpapatupad ng polisiya noong 2016 ay ang mga sumusunod:

- Bago ang interbensiyon ng polisiya: 5 000 sambahayan, 20 000 katao at 25.7%;
- Pagkatapos ng interbensiyon ng polisiya (paulit-ulit na pagkakaloob ng pera): 4 400 sambahayan, 17 900 katao at 23.0%;
- Pagkatapos ng interbensiyon ng polisiya (paulit-ulit na pagkakaloob ng pera + hindi paulit-ulit na pagkakaloob ng pera): 4 100 sambahayan, 16 300 katao at 20.9%; at
- Pagkatapos ng interbensiyon ng polisiya (paulit-ulit na pagkakaloob ng pera + kahit anong ibigay): 3 700 sambahayan, 14 000 katao at 18.0%.

Pagkatapos ng pagpapatupad ng polisiya (regular na pagbibigay ng pera), ang mga Pakistani ay may bilang na halos kalahati (8 600 katao) ng mahirap na populasyon at may antas ng kahirapan na 48.6%, ang pinakamataas sa lahat ng mga grupong SA.

**ES.40 Obserbasyon 2: Kung ihahambing sa pangkalahatang sitwasyon ng kahirapan, ang kahirapan ng nagtatrabaho ang katangian ng sitwasyon ng kahirapan ng mga EM samantalang ang mga paglaki ng kanilang antas ng kahirapan ay kalakhang maituturo sa paglaki sa bilang ng mga sambahayang mahirap na nagtatrabaho**

- Lubhang naiiba mula sa pangkalahatang sitwasyon ng kahirapan sa Hong Kong, kalakhang nakakamit ng mga EM ang sariling pagsisikap sa pamamagitan ng pagkakaroon ng trabaho at ang populasyong mahirap ng (bago ang pagpapatupad ng polisiya) sa mga etnikong grupo ay pangkalahatang nakatira sa mga sambahayang nagtatrabaho (64.7%), na mas halata sa kaso ng mga SA (77.4%).
- Sa pagitan ng 2011 at 2016, ang mga antas ng kahirapan at laki ng populasyong mahirap ng mga etnikong grupo bago at pagkatapos ng pagpapatupad ng polisiya ay sa pangkalahatan tumaas. Isinisiwalat ng analisis ng mga pagbabago sa populasyong mahirap na ang paglaki ay pangunahing dulot ng paglaki ng laki ng populasyong mahirap na nakatira sa mga sambahayang nagtatrabaho.
- Ang mas malalang sitwasyon ng kahirapan ng nagtatrabaho sa mga EM ay ipinapakita rin ng

mga antas ng kahirapan: pagkatapos ng pagpapatupad ng polisiya (regular na pagbibigay ng pera) noong 2016, ang antas ng kahirapan ng mga sambahayang SA na nagtatrabaho ay 19.0% habang ang antas ng kahirapan ng lahat ng mga sambahayang EM na nagtatrabaho ay 13.0%, kapwa mas mataas kaysa sa pangkalahatang populasyon na nasa 8.0%.

**ES.42 Obserbasyon 3: Ang mas mababang kita sa trabaho dulot ng mas mababang nakamit na edukasyon at mga antas ng kasanayan ng mga taong may trabaho ay ang pangunahing dahilan ng kahirapan ng nagtatrabaho. Karagdagan pa, kapag may pangkaraniwang mas malaking sambahayan, ang gayong mga tao na may trabaho ay karamihan kailangang balikating mag-isa ang pasanin ng pamilya, na nagiging mas mahirap sila na umalis sa kahirapan kahit na may trabaho**

- Nagdudulot ng pag-aalala na ang mga EM ay sumasailalim sa mas malalang kahirapan ng nagtatrabaho. Maaaring ituro ito sa mahinang kita sa trabaho ng mga taong mahihirap na nagtatrabaho bilang resulta ng kanilang medyo mababang nakamit na edukasyon at mga antas ng kasanayan pati ang mas maikling tagal ng paninirahan sa Hong Kong ng mahirap na nagtatrabaho sa mga tiyak na etnikong grupo (hal. Indian). Karagdagan pa, ang limitadong kita sa trabaho ng mga may trabaho na taga-Timog Silangang Asya ay maituturo rin sa mas mataas na bahagdan ng mga taong bahagyang nagtatrabaho / nagtatrabaho ngunit iba ang kasanayan.
- Karagdagan pa, ang mahirap na nagtatrabaho sa iba't ibang grupong sambahayang etniko sa pangkalahatan ay kailangang mag-isang bumalik ng pasanin ng pamilya. Ito ay partikular na makikita sa mga SA, kung saan mayroon lamang 1.2 miyembro na nagtatrabaho upang suportahan ang laki ng sambahayan na kasindami ng 4.2 katao sa karaniwan sa kanilang mga mahirap na sambahayan na nagtatrabaho (bago ang pagpapatupad ng polisiya). Sa kanilang lahat, ang mga sambahayang Pakistani ang nasa pinakamalalang sitwasyon. Kaya, medyo mahirap na lisanin ang kahirapan kahit na para sa mga sambahayan na nagsasariling sikap na may mga miyembro na nagtatrabaho, na nagreresulta sa paglaganap ng kahirapan ng nagtatrabaho sa mga EM.

**ES.43 Obserbasyon 4: Mas mataas na insidente ng mga tiyak na grupong etniko na bumabagsak sa ibaba ng linya ng kahirapan dulot ng kawalan ng hanapbuhay**

- Ang mga antas ng kawalan ng hanapbuhay ng mahirap na populasyon ng ilang etnikong grupo ay medyo mataas. Halimbawa, ang mga antas ng kawalan ng hanapbuhay (bago ang pagpapatupad ng polisiya) ng mga Pakistani at Nepalese (18.7% at 17.9% ayon sa pagkakasunod-sunod) ay bahagyang mas mataas sa antas ng pangkalahatang populasyon na mahirap (16.6%). Hindi nito tuwirang ipinapakita na ang mas mataas na insidente ng mga etnikong grupo na bumabagsak sa ibaba ng linya ng kahirapan ay dulot ng kawalan ng hanapbuhay.

**ES.44 Obserbasyon 5: Maliban pa sa kahirapan ng nagtatrabaho, napansin na may mas malaking bahagi ng mga matatandang mahirap (lalo na ang mga taga-Timog Silangang Asya) sa mga taong nagdaan kamakailan, bagaman**

**ang pangkalahatang antas ng kahirapan ng mga matatandang EM ay mas mababa pa rin sa antas ng kabuuang populasyon sa Hong Kong**

- Habang ang kahirapan ng nagtatrabaho ay kapansin-pansing katangian ng kahirapan ng mga EM, ang mas mataas na bahagi ng mga mahihirap na matatandang EM (lalo ang mga taga-Timog Silangang Asya tulad ng mga Thai at Indonesia) sa mahirap na populasyon ng iba't ibang etnikong grupo ay napansin noong 2016 kapag ikinumpara sa 2011.
- Yamang ang mga matatanda ay tila hindi ekonomikong aktibo, ang mas mataas na bahagi ng mga matatanda sa isang etnikong grupo ay maaaring magtulak papataas sa antas ng kahirapan. Mahalagang pansinin na ang mga antas ng kahirapan pagkatapos ng pagpapatupad ng polisiya (regular na pagbibigay ng pera) ng SA at lahat ng mga matatanda ng EM (23.1% at 25.9% ayon sa pagkakasunod-sunod) ay mas mababa kaysa sa antas ng kabuuang populasyon (31.6%).

**ES.45 Obserbasyon 6: Ang mga pagbibigay ng kapakanan ng Pamahalaan ay nagpapatuloy sa pagtulong na pagaanin ang sitwasyon ng kahirapan ng mga EM sa pamamagitan ng pagpapagaan ng kanilang pinansiyal na pasanin, bagaman sila ay karamihang may sariling pagsisikap at hindi gaanong umaasa sa mga panlipunang benepisyo (tulad ng CSSA)**

- Na may mas mataas na paglaganap ng mga sambahayang nagtatrabaho sa mga EM, kalakhang nakamit nila ang sariling pagsisikap sa pamamagitan ng hanapbuhay at hindi gaanong umaasa sa tulong na pera. Sa pangkalahatan, ang mga bahagi ng mga hindi tumatanggap ng pangunahing benepisyo sa pera sa mahirap na populasyon ng mga mayoryang etnikong grupo ay maliwanag na lumaki sa pagitan ng 2011 at 2016.
- Gayonman, noong 2016, ang iba't ibang palatandaan ng kahirapan pagkatapos ng pagpapatupad ng polisiya (regular na pagbibigay ng pera) ay mas mahusay na nagpamalas kaysa yaong bago ang pagpapatupad ng polisiya. Ang probisyon ng mga benepisyo ng hindi regular na pagbibigay ng pera at materyal na bagay (pangunahing PRH) ay nag-ambag pa sa pagbuti ng mga palatandaan ng kahirapan at tumulong na maibsan ang mga EM ng kanilang pinansiyal na pasanin. Sa mga pangunahing benepisyo ng regular na pagbibigay ng pera, ang CSSA ay ang pinakaepektibo habang ang SSA at LIFA ay nagpakita rin ng kanilang bisa sa pagpapagaan ng kahirapan. Dagdag dito, ang mga benepisyo ng hindi regular na pagbibigay ng pera at PRH ay napakaepektibo rin sa pagpapagaan ng sitwasyon ng kahirapan ng mga EM.

**ES.46 Obserbasyon 7: Dahil sa mababang nakamit sa edukasyon ng mga SA, ang mga bahagdan ng mga kabataan sa ilang mga etnikong grupo na pumapasok sa mga programa pagkatapos ng sekondarya ay tila mababa. Ang pagkakaroon ng mas mababang kagalingang pangwika ay isa sa mga salik na naging sagabal sa kanilang kakayahan na makakuha ng hanapbuhay at integrasyon sa komunidad**

- Ang mga bahagdan ng populasyon na nakatamo ng edukasyon pagkatapos ng sekondarya ay mababa sa ilang etnikong grupong SA at taga-Timog Silangang Asya. Sa pagitan ng 2011 at

2016, sa kabila ng pagbuti sa antas ng pagdalo sa paaralan ng mga batang EM, ang tumutugmang antas ng mga batang Nepalese ay nanatili sa mababang antas. Ipinapahiwatig nito na ang ilang mga batang SA ay nagpamalas ng malala pa kung pag-uusapan ang nakamit na edukasyon sa antas pagkatapos ng sekondarya at ilan sa kanila ang maagang humihinto sa pag-aaral upang sumali sa lakas paggawa.

- Kung pag-uusapan ang mga kakayahang pangwika, ang mga SA ay pangkalahatang mas magaling sa Ingles kaysa Tsino, habang ang kanilang kagalingan sa pagbabasa at pagsusulat ng Tsino ay mas mababa kaysa sa pagsasalita. Ang mga batang SA ay mas magaling sa Ingles at Tsino kaysa kanilang mga adulto. Bukod dito, ang mga SA na hindi dumadalo sa paaralan na hindi ekonomikong aktibo ay kulang sa kasanayan sa Tsino at Ingles kaysa mga SA na may trabaho sa pangkalahatan. Ipinapahiwatig nito na ang mga kagalingan sa Tsino at Ingles ay maaaring isa sa mga salik na naglalaro sa kanilang kakayahang makakuha ng trabaho.

### **Mga Implikasyon sa Polisiya**

ES.47 Naglalakip ang Pamahalaan ng kahalagahan sa pagpapagaan ng kahirapan, at sa bagay na ito kung paano mas mahusay na tumugon sa mga pangangailangan ng kapuspalad, kasama ang mga EM. Upang tulungan ang mga EM na makiangkop sa pamumuhay sa Hong Kong, ang Pamahalaan ay patuloy na magpapakilala ng itinuong mga hakbanging pansuporta na akma sa iba't ibang pangangailangan ng mga EM sa pamamagitan ng iba't ibang kawanihan at kagawaran.

ES.48 **Suporta sa hanapbuhay at pagsasanay:** Tumutulong ang hanapbuhay na bawasan ang peligro ng kahirapan samantalang ang paglaki ng kabuhayan, paglikha ng trabaho at pagpapataas-antas ng kasanayan ay tumutulong sa pagpapagaan sa kahirapan sa pinagmumulan nito. Ipinapakita pa ng mga napag-alaman ng Ulat na ito na ang bilang ng mga bagong pasok sa lakas paggawa na EM ay kitang-kita, samantalang ang mga LFPR ng ilang mga grupong etniko ay nanatiling medyo mababa at ang mahirap na populasyon ay sumailalim sa mas malalang sitwasyon ng kawalan ng hanapbuhay. Sa kabilang dako, ang mga mababang kagalingan sa wika ng ilang mga EM ay maaaring makaapekto sa kanilang kakayahang makahanap ng trabaho. Iminumungkahi ng mga obserbasyong ito na kanilang peligro sa kahirapan ay maaaring mabawasan sa pamamagitan ng pagpapahusay ng kanilang kagalingan sa wika at LFPR.

ES.49 Ang Kagawaran ng Paggawa (LD), Lupon ng Muling Pagsasanay sa Hanapbuhay, Konseho sa Pagsasanay na Bokasyonal at Konseho sa Industriya ng Konstruksiyon ay magpapatuloy na magbigay ng suporta sa hanapbuhay ng mga EM at angkop na pagsasanay na may kaugnayan sa trabaho upang padaliin ang pagbuti ng kasanayan at paglaki ng kita.

ES.50 **Suporta sa edukasyon:** Ang edukasyon ay mahalaga sa pagpapagaan ng kahirapan sa pagitan ng mga salinlahi habang ang kahusayan sa wikang Tsino ay ang susi sa pakikiisa ng mga EM sa pamayanan at pagpasok sa mga programa pagkatapos ng sekondarya. Naipakita mula sa mga napag-alaman na ang mga bahagi sa pagkamit ng edukasyon pagkatapos ng sekondarya ng ilang mga etnikong grupo na SA at taga-Timog Silangang Asya ay hindi

mataas. Karagdagan pa, bagaman mas mataas ang mga antas ng pagdalo sa paaralan ng mga kabataang EM ang napansin, ang sitwasyon ng ilang mga kabataang SA (hal. kabataang Nepalese) kung pag-uusapan ang mas mataas na nakamit na edukasyon ay hindi pa gaanong kaaya-aya.

ES.51 Bilang isang mahalagang usapin, dahil sa medyo batang populasyon ng EM at sa partikular ang populasyon ng SA, higit na suporta ay dapat ibigay sa bagong salinlahi ng Hong Kong para sa pagtaas-antas ng kalidad ng ating pangkalahatang lakas paggawa sa hinaharap. Ang Kawanihan ng Edukasyon ay magpapatuloy na pahasayin ang suporta para sa mga mag-aaral na hindi nagsasalita ng Tsino at kanilang mga magulang.

ES.52 **Mga serbisyong pankapakanan:** kung ang mga serbisyong pankapakanan ang kinauukulan, lahat ng mga residente ng Hong Kong na nangangailangan, na walang kinalaman sa kanilang nasyonalidad o lahi, ay nagtatamasa ng pantay na akses sa mga serbisyong panlipunang kapakanan hangga't natutugunan nila ang mga pamantayan ng pagiging karapat-dapat. Ang Kawanihan ng Paggawa at Kapakanan ay patuloy na tutulong sa mga EM sa pakikipag-isa sa lokal na pamayanan sa pamamagitan ng sari-saring mga serbisyo, kasama ang mga serbisyo sa kapakanan ng pamilya at bata, mga serbisyo sa mga kabataan, mga serbisyong medikal sosyal, iba't ibang mga iskema ng panlipunang seguridad, atbp., na sa ganoong paraan tumutulong sa pagpapagaan ng kanilang mga problema sa pakikiangkop at pinahuhusay ang kanilang panlipunang pakikitungo at kakayahang tumindig sa sariling paa.

ES.53 Ipinapakita ng mga napag-alaman na kalakhang nakamit ng mga EM ang pagsisikap sa sarili sa pamamagitan ng hanapbuhay at ang kahirapan ng nagtatrabaho ay kapansin-pansing katangian ng mga mahirap na EM. Sila ay hindi gaanong umaasa sa tulong na pera. Bukod dito, kumpara sa pangkahalatang mahirap na populasyon, napansin na sa pangkalahatan may mas mataas na bahagi ang mga hindi tumatanggap ng mga pangunahing benepisyo ng pera sa mga mahihirap na EM ng mga mayoryang etnikong grupo at ang mga bahagdan ay sa pangkalahatan tumaas sa mga taong nagdaan kamakailan.

ES.54 Ang SWD, ang Opisina sa Sustento ng Pamilyang Nagtatrabaho ng Ahensiya sa Tulong Pananalapi sa Pamilya at Mag-aaral na Nagtatrabaho at LD ay magpapatuloy din sa pagpapaigting ng pagtataguyod sa mga sari-saring hakbangin na pansuporta (kasama ang Iskemang LIFA at ang Iskema ng Subsidyo sa Transportasyon Bilang Insentibo sa Trabaho) upang mapahusay ang kaalaman at pang-unawa ng mga EM sa gayong mga iskema, na may layong mapadali ang kanilang pagsusumite ng mga aplikasyon kapag kinakailangan.

ES.55 **Pakikisangkot at pakikiisa sa pamayanan:** Nanirahan na ang mga EM sa Hong Kong na marami sa kanila ang ipinanganak at lumaki sa lugar. Sila ay naging mga miyembro na ng lipunang Hong Kong. Mahalaga na sila ay pag-isahin sa pamayanan at maligayang mamuhay at magtrabaho. Ang pamahalaan ay patuloy na magtataguyod ng pagkakaisa ng pamayanan sa mga EM at bigyan sila ng suporta habang tinutulungan sila sa paggamit ng mga pampublikong serbisyo. Ang publikidad sa mga EM (lalo na mga SA) ay palalakasin ng Kagawaran ng mga Usaping Panloob para sa implementasyon ng mga polisiyang pansuporta na mas epektibo at mabisa.



**ES.56 Tuloy-tuloy na pagmamanman sa sitwasyon ng kahirapan:** dahil sa mas mabilis na paglaki sa populasyon ng SA at ang kanilang mas mataas na peligro ng kahirapan, kailangan ng Pamahalaan na manmanan ang sitwasyon ng kanilang kahirapan sa isang regular na basihan, sa pamamagitan ng, hal. mga sensus ng populasyon, mga sensus ayon sa populasyon. Makapagbibigay ang mga ito ng mga pagpapanahong estadistikal para sa pagmamanman ng sitwasyon ng kahirapan ng mga EM (lalo na mga SA).